

1

Isang dakilang mascot si Mindie ng *NFU Crows*, ang basketball varsity team ng *New Frontier University*. Isang malaking pribadong universidad ang *NFU* sa kalapit na siyudad ng hometown niyang Alava kung saan siya freshman sa kursong Marketing. Nag-try-out siya para sumali sa cheering squad pero hindi siya natanggap. Magaling nga siyang sumayaw, pero hindi ganoon ka-flexible ang katawan niya para makayanan ang lahat ng mga acrobatics. Hindi niya kayang mag-split o mag-tumbling. Ayaw niya namang mabalian ng buto kaya nang i-offer sa kanya ang pagiging mascot ay hindi na siya tumanggi.

So here she was right now, wearing a damn black crow outfit, pinagpapawisan nang malapot sa buong katawan. Pero okay lang. Dahil ito lang ang alam niyang paraan para mapalapit sa crush niyang si Preston Navida na isang basketball varsity player ng *Crows*.

Yes, for the first time in her life ay natuto na rin siyang magka-crush at kiligin to the max. She could still remember the day she first saw Preston. Nasalubong niya ito sa hallway, wearing his black

basketball jersey na may numerong fourteen. Kaswal lang itong ngumiti sa kanya, a bright bedimpled smile. Right there, tinamaan yata siya ng pana ni Cupido.

Kasali sa finals ang *NFU Crows* sa taong iyon sa university meet. Bale sampung malalaking universities sa kanilang rehiyon ang kasali sa tournament na iyon taon-taon. Dati, kulelat lagi ang *NFU*, pero nang sumali sa varsity team si Preston ay umariba na sila. Well, iyon ang sa palagay niya. Dahil ang palagay ng mas nakakarami, gumanda lamang ang performance ng *NFU Crows* nang sumali sa team si Luisito Delano Jr., ang small forward.

Kapitbahay niya sa Alava si Luis at schoolmate dati sa high school. Matanda ito ng dalawang taon sa kanya at lumaki sila sa iisang compound. Sa kabila niyon ay hindi sila naging magkaibigan. Suplado kasi ang lalaki at siya naman ay walang balak makipag-close dito.

Saka para sa kanya, si Preston lamang ang pinakamagaling sa varsity players. At dahil ito ang pinakaguwapo at pinakasikat ay habulin din ng girls. Kabi-kabila ang dates nito, nai-date na yata nito lahat ng cheerleaders ng *NFU Crows*, puwera siya. Well, hindi naman siya talaga cheerleader kundi isang

dakilang mascot! Kailan pa niya ito makakadaupang-palad gayong parang hindi nito alam na nag-e-exist siya sa ibabaw ng mundo na hindi suot ang uwak costume?

Kung magpapansin kaya siya kay Preston, tumalab kaya? Maganda naman siya, malalaki ang light brown niyang mga mata, medyo may katangusan ang ilong niya at maganda rin ang shape ng kanyang mga labi. Pero iyon nga, hindi talaga siya charming. Hindi siya katulad ng mga kaklase niyang babae na dalagang-dalaga na talaga kung manamit at kumilos. Ang se-sexy ng mga outfits ng mga ito, kuntodo-make-up pa talaga sa mukha.

She was barely seventeen years old. Hindi siya dapat mag-ayos sa katawan na parang isa nang ganap na adult. At isa pa, komportable siya sa usual get-ups niya papuntang school— skinny jeans, *Chuck Taylor*, vintage t-shirts. Mas praktikal ding gamitin niya ang kanyang oversized slingbag kaysa gumamit ng maliliit na ladies' bags na kadalasan niyang nakikitang nakasukbit sa bare shoulders ng mga babaeng schoolmates niya. Sa ayaw niyang may hawak-hawak na mga books, kaya nilalagay niya lahat ng mga dalahin sa loob ng malaking bag niya.

Hay, Preston Navida... kelan mo ako papansinin?

nangangarap niyang sabi sa loob-loob.

Nineteen years old na ang lalaki ngunit second year college pa rin ito sa kursong Advertising. May balak daw talaga itong gawing career ang basketball, kaya kakaunting units ang kinuha sa kurso nito. Dalangin niya lang na sana ay huwag itong lumipat ng eskwelahan—alinman sa mga sikat na unibersidad sa Manila upang magkaroon ng mas malaking exposure. May mga alingasngas na kasi siyang naririnig tungkol doon. Pangarap daw talaga ni Preston ang ma-draft sa *Philippine Basketball Association* balang-araw.

Parang nagising siya mula sa lihim niyang mga anik-anik nang napansin niyang nakakalamang na ang kalaban ng mga *Crows*. Malapit nang mag-second half. Lumalakas na rin ang mga hiyawan ng audience. Sa *NFU* ang venue ng game kaya naman mas maingay ang kantyaw para sa kalaban. Ibinalik ni Mindie ang atensyon sa panonood, mula sa mga matang nakasilip sa malaking tuka ng costume niya.

Lalong lumakas ang ingay sa buong gym nang ma-steal ni Preston ang bola mula sa kalaban. Mabilis itong tumakbo habang nagdi-dribble.

“Pasa, pasa!” narinig niyang sigaw ng ibang mga lalaki sa audience.

Gahaman daw sa bola minsan ang manlalaro, iyon ang madalas niyang marinig mula sa mga lalaking schoolmates niya. Inggit lang naman ang mga iyon kasi madaming nagkakagusto kay Preston. Ngunit pati ang kaibigan at classmate niyang si Rain na nakaupo sa front row ay narinig niyang nagbu-'boo' sa lalaki.

“Shoot that ball, Preston!” ubod-lakas niyang tili, pero parang siya lang ang nabingi sa boses niya dahil sa nakasuot sa kanyang ulo. *Hmph!* Isang malaking ulo nga pala ng uwak ang ulo niya ngayon.

Malapit nang maubos ang oras ngunit bago pa mai-shoot ni Preston ang bola ay natapik iyon mula rito palayo. Mabilis ang sumunod na pangyayari, nakita niya na lang na tumalbog ang bola patungo sa kinauupuan niyang side ng court at sunod na nakita niya ay ang imahe ni Luis na nag-dive upang habulin ang bola. Kasabay ng hiyawan ng mga tao at ng buzzer ay natapik ni Luis ang bola pabalik sa loob ng court, nakuha iyon ni Preston.

At lumanding sa kanya nang bonggang-bongga ang jersey number 23 na si Luis.

Parang nakakita siya ng mga bituing kumukuti-kutitap sa tanghaling tapat! At salamat sa suot niyang costume, hindi nabasag ang bungo niya at hindi siya

nabalian ng mga buto sa katawan. Ngunit groggy pa rin siya nang tulungan siya ni Luis na makabangon.

“Sorry,” narinig niyang sabi nito.

Tinulungan siya nitong tanggalin ang kanyang head gear na natabingi dahil sa lakas ng impact. At tila nagulat ito nang makita ang mukha niya. “Arminda?”

Ugh! Ayan, na-reveal pa nang di-oras ang real identity niya.

Ilang saglit din itong nakatingin lamang sa kanya bago uli nagsalita. “Okay ka lang ba? Wala bang masakit sa ‘yo?” Nakitaan niya ng concern ang mga mata nito.

“Okay lang ako,” inis na sabi niya. Inayos niya ang na-dent na bahagi ng crow’s head.

Pasikat kasi masyado. Kuntodo habol pa sa bola kuno. Gusto sigurong lamangan si Preston kaya ganoon na lamang ang pagpapakitang-gilas ng mokong na ito sa hardcourt. May pangarap sigurong maging Most Valuable Player.

“Bakit kasi dito kayo nakaupo?” sita pa nito, sabay tingin sa mga nakaupong cheerleaders doon.

Nanisi pa? “Sa dito kami pinapuwesto, eh!” angil

niya. Muli niyang isinuot ang costume sa ulo matapos niya itong irapan nang bongga.

Nangyari na nga ang kinatatakutan ni Mindie. Lilipat na ng school si Preston, sa *Adamson University* na ito mag-aaral next school year. Iiwan na nito ang *Crows*.

Noong nanalo ang *NFU Crows* sa championship, lakas-loob niyang sinalubong sa hallway ng gym ang binata upang i-congratulate sana sa pagiging champion ng team at sa pagiging MVP na rin nito. Ang tagal niyang naghintay sa labas ng locker room ng mga players. Kaso nang papalabas na ito, bago pa niya naibuka ang bibig ay nilampasan na siya nito.

Would it be easier kung nakasuot siya ng maiksing skirt like the rest of the cheerleaders? Kitang-kita niya kung paano isa-isang binigyan ni Preston ng halik sa pisngi ang mga babaeng iyon. She was so green with envy.

“I want him to be my first kiss, Rain.”

Nag-freeze sa ere ang burger na kakagatin sana ng kaibigan. “Ano’ng sabi mo?”

Luminga-linga siya sa cafeteria. Hininaan niya

ang boses nang muli siyang magsalita. “Ang sabi ko, gusto kong maging first kiss ko si Preston Navida.”

“May katok ka talaga, ano! Ibang level pala ’yang pagkabaliw mo sa Preston na ’yan!” palatak ni Rain. Itinuloy nito ang naunsiyaming pagkagat sa burger.

“I want my first kiss to be memorable. Ayaw kong sa basta-basta na lalaki lang manggagaling. At ngayong aalis na siya ng *NFU*, gusto ko namang iwanan niya ako ng magandang alaala,” himutok niya.

She sighed. Kailangan na niyang tanggapin ang katotohanan. Hindi siya mapapansin ng lalaking gusto niya. She looked too plain and ordinary para sulyapan man lang nito. Pero kalabisan ba na pangaraping ito ang magbibigay sa kanya ng first kiss? Hell, kahit halik sa pisngi, tatanggapin na niya, basta dumampi lamang ang mga labi nito sa balat niya. She would die happy.

Hmm... why not? Huling chance na niya ito upang makadaupang-palad si Preston. So why not ask him for a kiss? Hindi naman siguro ito tatanggi since very accommodating talaga ito pagdating sa kababaihan.

Kailangan lang umisip siya ng paraan para

ma-corner ang lalaki at sabihin dito ang gustong mangyari. Pakapalan na ng mukha ito. *Kaya ko 'to!*

“Ano ba’ng nakita n’yong mga babae kayo sa mayabang na ’yan?” inis na sabi ni Rain. Ayaw nito kay Preston, nayayabangan daw. “Hindi naman siya ganoon kaguwapo—”

“Uy, Rain, ha!” putol niya sa rant nito. “Laitin mo nang lahat sa kanya, huwag lang hitsura niya. Guwapong-guwapo si Preston, period.”

“Mas guwapo si Luis.”

Nalaglag ang kanyang panga sa narinig, hindi makapaniwala. “That jerk na akala mo pagkamahal-mahal ang ngiti?” kutya niya.

“Yes, that jerk na mas deserving sana sa pagka-MVP at sa paghanga nating mga kababaihan.”

“Hindi siya guwapo. Parang ipinaglihi sa sama ng loob—laging nakasimangot. Actually, mukha siyang bisugo.”

Nagprotesta si Rain, “Mas guwapo pa rin siya kay Preston. Ma-epal lang naman kasi ’yang feeling Ace Player na ’yan, eh.”

She couldn’t believe this. Nagtatalo silang magkaibigan tungkol sa dalawang lalaki!

“Kumain na nga lang tayo,” awat niya. Sumubo siya sa kanyang baked macaroni.

Tumawa ito. “Right. Baka magkasakitan pa tayo. Lugi ako. May armas kang tinidor.”

Madilim na nang lumabas ng locker room ng gym si Luis dahil inabot sila ng hapon sa kanilang regular practice. Nakaugalian na niyang huling lumalabas doon. He would stay there after taking his shower, nakaupo sa bench at nagdi-dribble lang ng bola.

Napatigil siya sa paglakad nang mamataan niyang naglalakad sa hallway si Mindie. Hawak nito ang malaking ulo ng uwak na pang-itaas na bahagi ng costume nito bilang mascot, nakasuot pa sa katawan nito ang body costume at nakasukbit sa balikat ang malaking slingbag. Galing siguro ito sa rehearsal sa quadrangle.

She looked ridiculous. Nagtataka siya kung bakit ito pumayag na maging mascot. Saka dapat ay lalaki ang nagsusuot ng ganoon. Masyadong mabigat ang costume para sa maliit na katawan ni Mindie. Gusto niya tuloy maawa rito.

Maawa? Sa mataray na babaeng ito na ipinaglihi yata sa armalite ang bunganga? Huwag na.

Umiiling na nagpatuloy siya sa paglakad.

Napansin niyang nakasimangot ito, palingalinga. Nang animo'y hindi nahanap doon ang pakay ay padarag itong naglakad patungo sa kanyang direksyon. Magkakasalubong sila. Kaswal lang silang nagtinginan hanggang sa malampasan nila ang isa't isa. May kung anong humila sa kanya upang lingunin ito at nakita niyang tumigil ito sa isang sulok. Muli ay napatigil siya sa paglakad nang mapansin ang ginagawa ni Mindie. Sinusubukan nitong hubarin ang body costume, pero hindi nito maabot-abot ang back zipper.

He heard her grunt in impatience and annoyance. Hindi siya nakatiis. Naglakad siya palapit dito. At tila nagulat ito nang mapansin siyang nakatayo na sa harapan nito.

“Ako na, tumalikod ka,” sabi niya rito.

Bagaman nagpoprotesta ang mukha ay tumalima ito. Wala itong ibang pagpipilian, either tulungan niya itong hubarin ang costume o uuwi itong suot iyon. Ibinaba niya ang zipper, tinulungan pa niyang hugutin nito ang mga paa at kamay mula sa costume. Tumambad sa kanya ang suot nitong black leggings at black tank top.

Good Lord! Paano nakakagalaw si Mindie nang suot ang higanteng uwak costume na ito?

“Thank you,” nahihiyang pasasalamat nito. Conscious yata sa suot nito sa kanyang harapan.

“Bakit dito ka—” ...*nagbuburles?*

“Napagsarhan ako ng locker room namin, eh. Hinahanap ko pa kasi kanina ang kaibigan ko para tulungan akong hubarin ang lintek na costume na ito.”

“Pauwi ka na?” Tumango ito. “Sabay ka na sa akin,” pagmamagandang-loob niya.

Nagulat yata ito sa paanyaya niya. Then she shrugged her shoulders. “Sabagay, ayoko namang mag-commute na ganito ang suot. Naiwan kasi sa loob ng locker room ’yung extra clothes ko.”

Si Luis na ang nagprisintang magbuhat sa costume ng babae. Pinaiwan nito iyon sa pinto ng locker room ng mga cheerleaders.

Sa kanyang kotse ay wala silang imikan. Paano, sa tagal na nakatira sila sa iisang compound ay ngayon lang sila nakapagsolo nang ganito. Ano ang pupuwede nilang pag-usapan? Ano ang pupuwede niyang itanong dito? Wala siyang maisip. Lalo pa’t

ngayon lamang siya nagsakay ng isang babae sa kanyang kotse. At ngayon lamang siya nakalapit nang ganito sa isang babae.

A girl... So, ganito pala ang amoy ng isang babae— sweet and crisp—kahit pa panay ang punas ng pawis ni Mindie, mabango pa rin ito. At may kakaibang dulot sa kanya ang amoy na iyon. Pasulyap-sulyap naman ito sa kanya sa rearview mirror, nadidiyahe siguro sa pawisang katawan.

“Uhm... gusto mong kumain muna tayo bago umuwi?” pakli niya sa gitna ng traffic sa city proper. Pasado alas sais na ng gabi at kanina pa siya gutom dahil sa pagod.

Nagpaling ito ng ulo, tila di-makapaniwala sa panukala niya. Bakit ba parang kanina pa ito nagugulat sa kanya?

“O-okay,” sagot nito. “Pero...” Dagli itong tumingin sa kasuotan.

Amazing. Kung ang ibang mga babaeng kaedad nito ay halos hubad na kung magsuot ng mga revealing na damit, na-co-conscious pa pala ito sa leggings at tank top. Which he found good. Ayaw niya sa mga babaeng litaw na ang kaluluwa sa mga suot na damit. At mas lalong ayaw niya sa malalandi.

Kung ang teammates niya sa varsity ay proud na proud sa mga babaeng pumupulupot sa mga ito, puwes, naaalibadbaran siya kung may aali-aligid na mga bebot sa paligid niya, lalo pa't mga bata. Anak ng tokwa! Mga high school pa'y naghahabol na sa mga lalaki ang mga tinamaan ng lintek! Major turn-off talaga sa kanya ang mga aggressive girls.

“Dito na lang tayo kumain sa kotse, kung gusto mo. How about *Shakey's*?”

“Sige.”

Nag-take-out siya ng pizza at dalawang iced tea.

“Mag-aamoy pizza ang loob ng kotse mo,” sabi ni Mindie sa gitna ng pagkain.

“Okay lang,” nakangiting sagot niya.

Nagtaka pa siya nang hindi nito naituloy ang pagkagat sa hawak na slice ng pizza. Maang itong nakatingin lamang sa mukha niya.

“B-bakit?” sita niya.

Ngumiti ito. “Akala ko kasi, bulok ang mga ngipin mo kaya hindi ka ngumingiti kahit kelan.” Inilayo na nito paningin sa kanya at kumagat sa tangan na pizza.

Napailing siya. “So, how's my teeth? Pasado ba

sa panlasa mo?”

“Puwede kang maging model ng toothpaste.”

Ginagago ba siya nito? Nilibre pa naman niya ito ng pagkain at ihahatid pauwi. Walang utang-na-loob!

Ibinalik nito ang tingin sa kanya. “Seriously. Maganda ang mga ngipin mo, Luis.”

Sincere naman pala. “Thanks.” Ginanahan yata siya sa pagkain.

Palihim niyang tiningnan si Mindie habang magana itong kumakain. Ngayon lamang niya ito malayang napagmasdan. Maganda pala ito...

2

Last game na ni Preston ang naganap na practice game laban sa isang IT college. Huling pagkakataon na rin iyon ni Mindie na mapanood ito nang live. Sa susunod ay masisilayan na lang niya sa TV ang guwapong crush niya. Magiging malayo na ito sa kanya. Malayong-malayo at hindi na niya kailanman ito maaabot.

Last chance ko na ito. Kailangan ko nang kumilos, determinado niyang sabi sa loob-loob.

Ilang gabi na rin niyang pinraktis ang sasabihin kay Preston sa harapan ng salamin. Hindi siya makakapayag na mapunta sa wala ang effort niya. Halos isang schoolyear siyang so-close-yet-so-far ang drama sa lalaking ito. Kailangan nang matapos ang telenobelang ito! Wala siyang pakialam kung hindi man happy ending. Tanggap na nga niya iyon, di ba? Hinding-hindi magiging kanya si Preston. Pero kailangang ito ang maging first kiss niya. Period.

Matiyaga siyang naghintay sa loob ng gym matapos makapag-shower at magbihis sa kanilang locker room. Tumayo siya sa hallway at masusing pinagmasdan ang pinto ng locker room ng *Crows*.

Isa-isa ay tinitingnan niya ang mga papalabas doon.

Kailan lalabas si Preston? Or was he even inside the locker room? Pero nakita niya ito kanina, kasama ang iba pang players na pumasok doon.

Nanlumo siya. Mauunsiyami pa yata ang balak niya! Kung hindi niya gagawin ngayon, wala na siyang magiging chance. Miyerkules na ngayon; sa Biyernes ang huling araw ng lalaki sa *NFU*.

Shit! Sa tingin niya, siya na lang yata ang tao sa loob ng gym. Mayamaya lang, isasara na iyon ng janitor.

Hanggang sa lumabas na rin si Preston. Humabol siya rito, ngunit mabibilis ang hakbang ng lalaki. Parang nagmamadali ito at may kausap ito sa cellphone. Gusto na yata niyang maglulupasay nang sa parking lot ang nakita niyang tinutungo nito. Wala na talaga. Inilipad na ng hangin ang tanging chance niya. Ganoon ba kahirap humingi ng isang simpleng halik?

Laylay ang mga balikat na naglakad siya palayo ng gym. Ngunit nang lumingon siya ay namataan niyang naglalakad pabalik doon si Preston.

Mapapa-cartwheel yata siya nang di-oras. Mabilis pa sa alas kuwatrong naglakad siya pahabol dito.

Desperada na kung desperada. Tumigil siya sa tapat ng pinto ng locker room ng *Crows*. Nakarinig siya ng tunog ng bolang tumatalbog mula sa loob. Nagdribble si Preston sa loob?

Kumatok siya. Tumigil ang tunog ng bola.

Narinig niyang may nagsalita, “Pasok.”

Boses ba ni Preston iyon? How would she know? Ang lakas ng kabog ng dibdib niya dahil sa halos lumawit ang kanyang dila sa pagod sa paglakad-takbo. Saka lunod ang boses ng lalaki dahil sa nakasarang pinto. Pero sino pa nga ba ang ibang tao roon? Nakaalis na lahat ng players ng *Crows*.

Lakas-loob niyang pinihit ang doorknob, iniawang niya lang ang pinto, wala siyang balak pumasok. Diyahe na. Teritoryo iyon ng mga lalaki. Pangit tingnan na papasok doon ang isang babaeng kagaya niya.

“Hello!” bati niya.

Hindi niya kita si Preston sa loob. Good. This would make it easier for her. Hindi niya kailangang tumingin sa guwapong mukha nito para sabihin ang hiling. Baka walang lumabas na kataga sa bibig niya, or worse, mahimatay siya bigla.

“Hi. I’m Mindie, the... t-the *Crows*’ mascot.” Lumunok siya nang tatlong beses. “I just want you to know that I’m one of your fans. I-in fact, I admire you a lot and, a-and... I like you. Nandito ako ngayon, kasi...” Pinisil-pisil niya ang magkabilang palad. Huminga siya nang malalim. “I want you to be my first kiss.”

Narinig niyang muling tumalbog ang bola, this time, hindi pa-dribble ang tunog. Nabitawan yata sa sahog.

Nagulat si Preston sa sinabi niya?

“D-don’t get me wrong. I mean...” Natataranta na siya. Pero nandito na ito. Hindi siya dapat umurong pa. “Simpleng halik lang naman at wala na akong hihilingin pang iba galing sa ’yo.”

Isang mahinang ubo ang narinig niya.

“Okay. I will make this easier for both of us. Bukas, six thirty ng umaga, sa garden sa likod nitong gym. Pupunta ako doon suot ang orange shirt and faded denims. I would really appreciate it if you could come. Pero kung hindi, okay lang.” Muli siyang humawak sa doorknob. “Sige. ’Bye!” At mabilis siyang tumakbo palayo.

Lito si Luis na nagpunta sa garden sa likod ng gym. Gusto raw siyang maging first kiss ni Mindie? Bakit? Ano ang nakain nito? Last time he checked, wala naman siyang hinalong gayuma sa nilibre niyang pizza rito noon.

Gago pala siya! Bakit sarili niya ang kanyang tinatanong? Kung bakit nagulpe-di-gulat siya sa locker room nang nakaraang gabi at hindi nakapagsalita nang hilingin mismo sa kanya ni Mindie na halikan niya ito.

At halos hindi siya nakatulog sa matinding pagtataka. Ilang oras din siyang nagdesisyon kung papayag ba siya sa gusto ng babae. Well, he hated aggressive girls, yes. But Mindie was kind of different. Hindi ito malandi. Saka binalutan din siya ng kakaibang thrill nang sabihin nito sa kanya na gusto siyang maging first kiss nito. Kakaibang thrill na hindi niya nakukuha sa paglalaro ng basketball.

But, what was he going to do now? Wala pa siyang babaeng nahahalikan, for crying out loud!

Pinagkiskis niya ang dalawang palad bago bumuga ng hininga sa isa. *Cool*. Mabango ang hininga niya dahil dalawang beses siyang nagsepilyo bago umalis ng bahay at habang nagmamaneho ay ngumuya siya ng spearmint flavor na chewing gum.

Gusto niya yatang pagpawisan nang matanaw si Mindie. Gaya ng sinabi nito, nakasuot nga ito ng orange shirt. Pero bakit kailangan pa nitong sabihin sa kanya kung ano ang idadamit nito?

Whatever. She wanted him to kiss her? Fine. He would do the deed and then it would be over.

She was standing in front of a tall rose bush with yellow blooms. May suot itong malaking slingbag at nakatingin sa mga bulaklak.

She was really pretty that way. She had this natural naiveté in her that made her alluring in a very subtle way.

Napangiti siya. Kailan pa siya nag-assess nang ganito sa isang babae? He was always oblivious toward them.

Maingat siyang lumapit sa kinatatayuan ni Mindie. Nang maramdaman nito ang kanyang paglapit ay tumuwid ito ng tayo, nanatiling nakatalikod sa kanya. Hanggang sa unti-unti itong pumihit paharap sa kanya. Awang ang mga labi at nanlalaki ang mga matang napatingala ito sa kanyang mukha.

It was fast. He placed his hand on her neck and gave her lips a kiss. He gently moved his lips over hers. She tasted so sweet as he was anticipating. And

her lips felt very soft.

Not bad for a first kiss. Not bad at all...

Ngunit nang bitawan na niya ito ay isang malakas na suntok sa panga ang tinanggap niya.

“What the hell?” gulilat niyang naibulalas.

“Bakit mo ako hinalikan?” nanggagalaiting sigaw sa kanya ni Mindie. Pulang-pula ang mga pisngi nito.

“A-anong bakit kita hinalikan? You asked me to, you nuts!” inis niyang sagot, sapo ang panga.

“Y-you mean, h-hindi ikaw ang... Pero si Preston ang kausap ko sa locker room—” Tinutop nito ang bibig.

Binagsakan yata siya ng langit. Now it was all clear to him. Kaya nga siya nagtataka noong nakalipas na gabi pa. Gusto niya yatang matunaw sa matinding kahihyan.

“S-si Preston ang gusto mong humalik sa 'yo?”

Lalong pumula ang mga pisngi ng babae. “Oo. Wala nang iba!” pagtataray nito, animo’y tinatakpan ang tinamong kahihyan.

“Kung gayon, bakit sa akin mo sinabi?”

“Akala ko ikaw si Preston, eh. Nakita ko siyang pumasok sa locker room n’yo. Malay ko bang may iba pa palang tao doon?”

“Nasa CR siya noong time na nagsasalita ka. At malay ko bang siya ang gusto mong kausapin? Kung bakit hindi ka kasi pumasok sa loob o kaya tinawag man lang ang pangalan niya.” Nakuha pa niyang sermunan ito.

“Bakit hindi ka rin kasi nagsalita?”

“Sa ginulat mo ako,” dahilan niya. Nabitawan pa nga niya ang hawak na bola sa sobrang gulat. Nasamid pa siya at naubo. Muntik pa nga siyang mag-collapse!

“I can’t believe this!” Tinakpan nito ng dalawang palad ang mukha na para bang maiiyak na. “This could’ve been so special, but you ruined it all. Sinira mo’ng first kiss moment ko!”

“Hey! You ruined my first kiss, too. So, we’re even!”

Tinanggal nito ang mga kamay na tumatakip sa mukha. It looked like she was not expecting what he had just said. “F-first kiss mo rin ako?”

Siya naman ngayon ang pinamulahan ng mukha.

“Ano naman ngayon?” balik-tanong niya. “H-halik lang ’yun. No big deal.” Tumalikod na siya at humakbang palayo.

“Big deal ito para sa akin!” tili nito. “I’m a girl, damn it!”

Nang may tumama sa likod ng kanyang ulo.

Natigil siya sa paglakad. “What the...” Nag-about-face siya. Nahuli niyang hinuhubad ni Mindie ang isa pang *Chuck Taylor* nito.

Maagap niyang nasalo iyon nang ibato nito sa kanyang mukha. Inis siyang lumapit dito.

“Subukan mo ulit akong saktan at hahalikan uli kita,” banta niya rito.

It was weird and crazy, because at the back of his mind, umaasa siyang saktan siya uli ni Mindie para muli niyang mahalikan ito. Ano pa ang pupuwede nitong ibato sa kanya? Ang slingbag nito? Malaki iyon. Baka unconscious na siyang bumulagta sa lupa pag nagkataon.

She grunted in anger, parang nagpipigil na kalmutin siya sa mukha. Feisty girl...

“Kalimutan na lang natin ito, okay? Wala namang nakakaalam nito kundi tayong dalawa lang,” kalmado

niyang sabi.

She narrowed her eyes. Mahahalatang pinapakalma din nito ang sarili. “Fine,” matigas na sabi nito pagkalaon.

“Fine.”

Tumalikod na sila sa isa’t isa at naglakad palayo.

Summer vacation na at dahil hindi kumuha ng summer classes si Mindie ay naglalagi siya sa *Shopsaver*, ang grocery na pag-aari ng pamilya niya.

Nagdilim kaagad ang paningin niya nang mamataan si Luis na papunta sa counter na kinaroroonan niya. Sinasadya yata ng mokong na ito na magpunta sa counter niya since may dalawa pa namang bakanteng counters.

Hindi niya napigilan ang mapaismid nang ilapag nito isa-isa mula sa shopping cart ang mga pinamili. Kaswal lang itong pasulyap-sulyap sa kanya. Nakasimangot niyang isa-isang ini-scan ang mga items.

Nagsalita ang lalaki, “Nag-resign ka na pala sa pagiging mascot.”

Tumingin siya rito, pinasingkit ang mga mata. “Tsismoso ka rin pala,” mahinang asik niya.

Inilapit nito ang mukha sa kanya. “Hanggang ngayon pa ba’y galit ka pa rin sa nangyari?” mahinang sabi nito.

“Sino ba naman ang hindi magagalit? Aba’y paumanhin, Luisito, pero *hindi* ikaw ang pangarap kong unang makahalik sa akin.”

Sarkastiko itong tumawa. “Hindi rin ikaw ang pangarap kong unang halikan, Arminda. Minalas lang ako.”

Aba’t, ang guts naman talaga, oo. Nag-uumapaw!

“Mas minalas ako!” asik niya.

“Bakit ba nag-aalboroto ka pa diyan? Wala na tayong dapat pagtalunan pa, all right? Nangyari na iyon, hindi na mababawi pa. And it was just a kiss, anyway, it’s not that you’re gonna get pregnant or something.”

Napanganga siya. Pinilit niyang huwag tumaas ang boses. Inilapit niya ang mukha sa kausap. “Uy, nunca akong pabubuntis sa ’yo, ano! What, magiging kamukha mo ang baby ko? Kawawang bata kung nagkataon, naglalakad na higanteng bisugo.”

Ito naman ang napanganga. “Higanteng uwak, ’ika mo,” pagkuwan ay bawi nito.

Gusto niyang sabunutan ang lalaki ngunit nagpigil siya. Baka makita ng ibang customers nila, nakakahiya.

Mabilis niyang inilagay sa plastic bags ang mga pinamili nito. Wala siyang pakialam kahit maghalo-halo na ang mga toiletries sa frozen foods. At nang makabayad ito ay ubod-lakas niyang isinaksak sa dibdib nito ang resibo at sukli.

Mokong na ito! Na-impress pa naman siya noong gabing ihatid siya nito pauwi at pakainin ng pizza. Puwes, nabura na lahat-lahat ang magandang impression na iyon mula nang araw na halikan siya nito sa garden. Parang lobong pumutok sa tusok ng karayom ang pangarap niya. It was gone with the wind. It was gone forever...

Miserable niyang isinubsob ang mukha sa keyboard ng computer pagkaalis ni Luis.

Napaigtad siya nang may kumalabit sa kanya.

Si Gon. “Ate, alam mo na ba ’yung balita tungkol kay Kuya Luis?” anito, hatid ng tanaw ang papalabas na basketbolista.

Nag-angat siya ng ulo. “Hindi,” flat niyang sagot. “At hindi rin ako interesadong malaman, salamat.”

“Iyong coach ng *FC Cola*, na-discover yata siya,” balita nito. “Nanood kasi ito doon sa isang practice game nila sa *Estrella State University*. Ayun, na-impress daw. At sa university meet this schoolyear ay dadalhin daw nito ang buong coaching staff ng *FC Cola* para obserbahan ang galing ni Luis. I-re-record din daw ang bawat laro sa video.”

Napahikab siya. “So, ano naman ngayon? Oobserbahan lang pala, eh.”

“May potential si Luis na makapasok sa *PBA*, Ate. Ganoon siya kagaling. Olats na ’yung crush mong si Preston, hanggang *UAAP* lang siya.”

“Hah! If I know, kung makakapasok man siya sa *PBA*, magiging benchwarmer lang siya.”

Tumalikod na si Gon. “Basta ako, hihingi ako sa kanya ng passes.”

“Samahan mo muna siyang mangarap sa ibabaw ng mga ulap, Agoncillo!”

3

Sino ang mag-aakala na aabot sa *PBA* ang paglalaro ni Luisito ng basketball? All that he wanted was to give his best shot at each game he played, pero aakalain ba niyang kukunin siyang player ng *FC Cola* at the age of barely nineteen? It was like a dream. Minsan ay parang hindi pa rin siya makapaniwala.

He was playing in huge stadiums full of screaming people. He was playing alongside the most famous basketball players in the country. Naging *Rookie of the Year* siya, two-time *MVP of the Year* at kasali pa siya sa *Team Pilipinas* na kalahok sa mga international basketball competitions. In fact, kabilang siya sa *Mythical 5* noong huling *Asian Games* kung saan nanalo ng silver medal ang bansa. At ilang taon nang siya ang pinaka-highest paid player ng *PBA*.

He had gone a long, long way. A path that he didn't think he would ever transcend. Pero sumakay lamang siya sa ihip ng hangin, at sa *PBA* nga siya napadpad. At hanggang ngayon, nakalutang pa rin siya sa hangin doon bilang si Louie 'The Iceman' Delano Jr.

Iceman. Dahil napaka-cool daw niyang maglaro.

Relaxed at laging at ease kahit puno ng tensyon ang paligid. Wala siyang pakialam. Ini-enjoy niya ang paglalaro ng basketball. And it always worked for him. Laging maganda ang kanyang performance sa bawat laro. 6'3" ang kanyang height, kaya niyang maglaro as small forward and shooting guard. Mabilis siyang tumakbo at mataas ang kanyang vertical jump. Killer siya pagdating sa three-point line. Mahusay rin siyang mag-block, rebound at assist. At laging inaabangan ang slamdunk niya sa bawat laro.

Last night's game ay nakamtam niya ang career-high na puntos sa isang game. Madami na ang nagsasabing he would go down in sports history. Isa na siya sa pinakamahuhusay na manlalaro sa larangan ng professional basketball sa Pilipinas.

“Sikat na sikat ka na talaga,” puri sa kanya ng kanyang amang si Dr. Luisito Delano, Sr. habang kumakain sila sa isang restaurant malapit sa tirahan niya sa Manila.

Isang general practitioner ang kanyang ama sa *Alava General Hospital* at kung minsan ay lumuluwas sa Manila upang panoorin siyang maglaro. Wala na siyang ina, namatay ito sa panganganak sa kanya. Wala rin siyang kapatid.

Naiiling na lamang siya habang pinagmamasdan

ang papalayong dalawang dalagitang nagpapirma sa kanya ng autograph. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya sanay sa atensyon na ibinibigay sa kanya ng madla. Kung mayroon man siyang kinaiinisan sa tinatamong tagumpay ngayon, iyon ay ang limelight. Ilang offer na ang tinanggihan niya mula sa mga advertising companies para mag-endorse ng mga produkto. Pati underwear ba naman ay ini-offer sa kanya? Anak ng putakti!

He never ever asked for fame and fortune. Naglalaro siya ng basketball dahil passion niya ito. Gusto lang niyang hamunin ang sarili, itulak ang kakayahan hanggang sa maaari niyang marating. He was conquering nothing but himself and he was happy about it. Sa gitna ng court, pakiramdam niya ay hawak niya ang buong mundo, may kontrol siya rito. He could do anything, he felt he could even fly and sky was the limit.

Kung hanggang saan at hanggang kailan siya dadalhin ng paglalaro niyang ito ay patuloy siyang sasakay sa ihip ng hangin.

“Parang mainit yata lagi ang mga sa ’yo ni Preston Navida,” anang ama niya.

Kung mayroon man daw mas lalong nagpasikat sa kanya sa larangan ng basketball, iyon ay ang

rivalry nila ni Preston. Nauna siya rito ng isang taon sa PBA. *Rookie of the Year* din ito at dalawang beses na ring naging *MVP of the Year*. Pero wala siyang pakialam sa pakikipagtagisan ng galing. He was not a competitive person. He played not to win but to give his best performance in each game. And it was fair to say that he was succeeding in that aspect.

“Ganoon lang ho talaga maglaro iyon, agresibo,” sabi niya.

But sometimes, Preston was also getting into his nerves. Lagi siyang hina-harass nito sa hardcourt sa tuwing may laro sa pagitan ng mga teams nila. Preston hated his guts at mas lalo yata itong naiinis dahil wala itong makuhang na violent reaction mula sa kanya.

Paglabas nilang mag-ama sa restaurant ay nagring ang kanyang cellphone. Ang tumatawag ay si Bettina, anak ng team manager nila at endorser din ng *FC Cola*.

As usual, nangungulit itong lumabas silang dalawa.

“I don’t wanna go out tonight,” tanggi niya.

“But, Louie!” maktol nito. “Okay, punta na lang ako sa pad mo,” pangungulit pa rin nito.

“Hindi puwede.”

“Why?”

“Matutulog ako nang maaga. Sige na, Bettina.”

Bago pa ito nakapiyok ay pinatayan na niya ito ng cellphone. Ayaw niyang maging bastos, pero kailangan na niyang lantarang iwasan si Bettina dahil dumadalas na ang pagyayaya nito sa kanya na lumabas sila. Saka kumakalat na rin ang tsismis na may relasyon daw silang dalawa. Klarong may gusto ito sa kanya, ngunit hindi ito ang tipo niyang babae.

“Ate, ayaw mo ba talagang sumama?” tanong ni Gon kay Mindie isang gabi. Noong isang araw pa siya nito kinukulit na sumama rito sa Manila upang manood ng game ng *PBA* sa *Smart Araneta Coliseum*.

“Ang kulit mo!” singhal niya sa kapatid habang nakaupo ito sa loob ng maliit na office space nito sa kanilang grocery.

Si Gon ang namamahala sa *Shopsaver*. Isang grocery iyon na ipinatayo ng mga magulang nila sa downtown ng Alava. Mula nang mag-retire na sa pagiging kapitan ng international oil vessel ang kanilang ama ay hinayaan na nila itong mag-relax-

relax na lamang kasama ang ina nila. Their parents deserved to enjoy life after years of hardwork and raising their two children.

Siya naman ay full-load sa pagiging Marketing professor sa *NFU*. Tinutulungan na lamang niya ang kapatid sa pag-aasikaso sa financial aspect ng kanilang negosyo. Dumederecho siya sa grocery pagkagaling niya sa universidad.

“May kotse naman tayo,” pangungulit pa nito. “O, kung ayaw mong balikan ang biyahe natin, mag-stay tayo sa hotel o kaya doon sa kaibigan mo.”

Ang kaibigan niyang tinukoy ni Gon ay si Rain. Isa na itong marketing executive sa isang investment firm sa Manila. Matutuwa siguro iyon kung kasama nila itong magpunta sa *Araneta* nang hindi na pumipila sa audience entrance. May binigay na special passes si Luis kay Gon.

“Saka ayaw mo bang panoorin nang live ang crush mo noong si Preston?” hirit pa ng kapatid.

“Agoncillo!” singhal niya.

Gusto niya tuloy matawa. Ang tagal na panahon na rin pala ang lumipas mula nang mabaliw siya sa basketbolistang iyon. Pinatulan pa niya pati pagiging mascot upang mapalapit lang dito noon sa *NFU*.

Pero naka-get-over na siya. Bata pa siya noon. Now that she was already twenty-six, isang nakakalokang alaala na lamang ang yugtong iyon ng kanyang buhay.

“Ayaw mo lang mapanood kung paano ilampaso ni Luis si Preston sa hardcourt. Tama kasi ako noon na magaling talaga si Luis sa basketball.”

“Namumuro ka na talaga sa akin,” banta niya.

“Bakit ba ayaw mo? Sabado naman kinabukasan n’un. Saka last time na nanood ako, hinanap ka sa akin ni Luis.”

Umangat ang ulo niya mula sa laptop. Tama ba ang narinig niya? Hinanap daw siya ng mukhang bisugong iyon sa kapatid niya?

Kailan na ba sila huling nagkita ng mokong na iyon?

Last year yata, malapit nang mag-summer noon. Sobrang dalang kasi kung umuwi si Luis sa Alava at hindi pa ito madalas magtagal ng stay roon. Kung off-season naman ang *PBA*, nag-a-out of the country ito kasama ang ama.

Nakita niya si Luis noon sa halfcourt sa kanilang compound isang umagang papasok siya para sa pagtuturo sa NFU. May gumulong na bola ng basketball

papunta sa direksyon niya. Pinulot niya iyon. At nang tumuwid siya ng tayo ay si Luis ang nasilayan niyang lumapit sa kanya. Naglalaro pala itong mag-isa roon.

Kiming ibinigay niya rito ang bola. Hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi pa rin niya makalimutan ang ginawa ng mokong—ito ang nagbigay sa kanya ng di-malilimutang first kiss. She could still taste his minty fresh mouth...

“Thanks,” sabi nito, nanatiling nakatayo sa kanyang harapan. “Kumusta ka na, Arminda?”

“H-heto... nagtuturo.” Pinilit niyang huwag tumingala sa mukha nito. Nalula yata siya sa katangkaran nito sa height niyang 5’4”.

Mabilis naman siya nitong pinasadahan ng tingin.

Tipong nagustuhan nito ang suot niyang high-waist white skirt at light yellow sleeveless blouse.

Thank goodness at humabol din sa size ng kanyang balakang ang iba pang body parts niya. Ngayon ay masasabi na niyang proportion ang kanyang katawan. Balingkinitan iyon, at mahahaba ang kanyang binti.

Tumingin siya sa mukha ng binata nang hindi na niya mapigil ang urge. He was smiling gently at her. At parang may nagulo yata sa kalooban niya. Kaagad

siyang nagbaba ng tingin.

“I... I gotta go, baka ma-late ako,” natatarantang paalam na niya sa lalaki.

At sa paglakad niya palayo ay naramdaman niyang inihatid siya ng tingin ni Luis...

“Nagtataka siguro kung bakit hindi ka sumasama sa akin kahit kelan. Eh, halos lahat na ng mga kabaranggay natin ay dumayo na sa Manila para panoorin lang siya nang live,” ani Gon.

Umismid si Mindie. Nawala na ang craze niya sa basketball. Well, she was not crazy over it in the first place. Nagkainteres lamang siya rito noon dahil kay Preston. Kumusta na kaya ang lalaking iyon?

Lagi na lamang niyang naririnig na iba’t ibang mga babae ang na-li-link sa dating crush niya—model, singer, artista, pati anak ng mga pulitiko. Iba na talaga ang star, mas lalong nagiging habulin ng bebot. Kahit nga sa billboard nito sa downtown ay madami pa ring mga babae ang kinikilig sa malaking mukha nito roon, kahit pa lata ng sardinas ang hawak nito.

“Sama ka na?”

“Oo na!” asik niya kay Gon para matigil na ito.

Nalulula and at the same time ay parang nasu-suffocate si Mindie sa dami ng tao sa *Smart Araneta Coliseum*. Game three pa lang ng finals ng *Fiesta Conference* ng *PBA*, ngunit dagsa na at hindi magkamayaw ang mga tao roon pagkat ang dalawang pinakasikat na *PBA* teams ang nagtutunggali.

Front row sa ringside ang kinauupuan nilang tatlo nina Gon at Rain, kaya halos abot-kamay niya ang naglalarong mga players.

Ganito pala sa *PBA*, nabubuhay ang dugo niya sa katawan dahil sa excitement. It had been a while since huli siyang nakapanood ng laro ng basketball, mapa-TV man o sa universidad. She felt so young again—loud and giddy. Lalo pa nang masilayan niya nang personal si Preston sa loob ng hardcourt. Fourteen pa rin ang jersey number nito.

Silly, pero nandoon pa rin yata ang paghanga niya sa lalaking ito.

Ano ba, Arminda! saway niya sa sarili.

Could she blame herself? Gumuwapo pa nang sampung beses ang lalaking pinapantasya niya noong college freshman pa siya. Lumapad ang kaha ng katawan nito, at lalong nagpapogi rito ang nag-

mature na mukha. Kung noon ay heartthrob ang dating nito, ngayon ay isa nang total hottie si Preston 'Pyro' Navida. At mas guwapo ito sa personal.

Mayamaya pa'y kasama na siya nina Gon at Rain na sumisigaw sa audience.

Kitang-kita niya sa hardcourt ang nababalitang rivalry nina Preston at Luis. Mahigpit ang pagbabantay ng una sa huli. Ngunit parang wala lamang iyon kay Louie 'Iceman' Delano Jr. Eleven na ang jersey number nito, hindi na twenty-three gaya noong college. He was still the same, the man with the blank, rather cold expression in his face. No wonder magaling itong maglaro. Unpredictable sa mga kalaban ang mga hakbang nito.

Habang gigil na gigil si Preston sa pagguguwardya rito ay parang relaxed lamang si Luis. No wonder na binansagan ng mga sports columnists at mga commentators ang dalawa bilang fire and ice.

Lalo namang lumalakas ang kanyaw ng audience. It was clear to her now. Sina Preston at Luis ang buhay ng larong ito. In fact, naririnig niya sa mga balitang puno lagi ang game venue sa tuwing maghaharap ang teams ng mga ito. Ilang beses na ring naglaban ang mga ito sa championship. At hindi pa rin namamatay ang magic niyon sa mga basketball

enthusiasts sa bansa.

And she was starting to love this hype—the intensity, the rush. Lalo na nang mag-dunk si Luis. Napatili talaga siya sa tuwa.

Maryosep! Para itong isang agila na bumulusok at lumutang paitaas.

“Kanino ka ba kampi?” tanong sa kanya ni Rain nang mag-second half. “Dalawang team yata ang tsini-cheer mo,” natatawa pang sabi nito.

“Mahirap mag-decide kung alin ang mas magaling, eh,” sabi niya, sabay tingin sa electronic scoreboard. Lamang lamang ng three points ang *FC Cola* sa *MobileZone*.

Fourth quarter nang uminit nang uminit ang laro. Nakatayo na silang dalawa ni Rain dahil sa matinding excitement. Nakita niya kung paano i-harass ni Preston si Luis, kung paano nito sadyang banggain o itulak. Nakita rin niya kung paano pinapanatili ng huli ang composure. He was always so cool...

“Sana noon pa ako naglakas-loob na lumapit kay Luis para noon pa niya ako nabigyan ng passes,” ani Rain nang mag-time-out.

“Oo nga, ’andito ka na rin lang sa Manila, eh,”

sabi niya.

“Nakakahiya kasing lumapit. Kasi, hindi naman niya ako personal na kakilala talaga. At saka, akala ko suplado si Luis dahil lagi mo siyang sinisiraan noon.”

“Gaga! Sisihin ba ako.”

Nagpatuloy ang laro. Halos matulig ang mga tainga niya sa sigawan ng mga tao. At lalo pang lumakas iyon. Iyon pala ay may bolang paparating na sa kinaroroonan niya.

Sunod niyang narinig ang tili ni Rain sa kanyang tabi kasabay ng buzzer. At may isang malaking taong dumagan sa kanya. Naramdaman niya ang init at pawis ng katawan nito. But despite that, she could smell his astoundingly fresh scent.

Mabilis nitong iniangat ang katawan at nagkaharap ang mga mukha nila. Sabay pa nilang nabigkas ang kanya-kanyang pangalan.

“Arminda?”

“Luis!”